June 6, 2023

Ang sulat na ito ay isinalin sa mga sumusunod na wika:
اَلْعَرَبِيَّةُ(Arabic) Français (French) ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi) 简体中文 (Simplified Chinese) اردو(Urdu) हिंदी (Hindi) Español (Spanish) Português (Portuguese) Tagalog

Ang mensahe sa ibaba ay pinadala sa ngalan ng Our Kids Network.

Mga minamahal na Magulang o Tagapag-alaga,

Ang Kids Network, Halton Region, the Halton District School Board at Halton Catholic District School Board ay nagsasagawa ng Kindergarten Parent Survey (KPS). Amin pong hinihiling na kayo ay lumahok dahil mayroon kang isang anak na kasalukuyang naka-enrol sa programang Senior Kindergarten (Year 2).

Sa mga Magulang/Tagapag-alaga ng mga estudyante sa Kindergarten Year 2 , kung inyong maalala na mayroon kayong natanggap na kahilingan patungkol sa Early Development Instrument (EDI) na isang inisyatiba mula sa Ontario Ministry of Education. Kami po ay sumulat sa inyo ngayon upang hilingin na kumpletuhin ang Kindergarten Parent Survey (KPS) sa ngalan ng Our Kids Network and Halton Region.

Ang mga resulta mula sa KPS ay nagbibigay ng mahahalagang impormasyon patungkol sa mga bata at mga pamilya sa Halton. Ang mga impormasyong nakalap ay nakakatulong sa amin upang maitaguyod ang pagsulong ng maagang pag-unlad ng mga bata sa lahat ng bata sa Halton at ito ay tumutulong matukoy ang mga uri ng mga programa at sumusuporta sa kailangan ng mga bata at mga magulang/tagapag-alaga.

Maari mong Makita ang mga nakaraang resulta ng KPS mula sa mga ulat ng komunidad ng Our Kids Network na makikita sa OKN Data Cycle Collection Page. Ang mga resulta ng 2023 KPS ay iuulat sa Taglagas ng 2023 at makikita din ito sa website ng Our Kids Network's.

Ang lahat ng iyong mga tugon ay mahigpit na pananatilihing kumpidensyal, at maaari mong piliing hindi sagutin ang anuman o lahat ng mga tanong. Walang sinuman sa paaralan ng iyong anak ang makakakita sa iyong mga tugon. Upang matiyak na walang indibidwal na makikilala, ang lahat ng data mula sa survey na ito ay ibubuod at iuulat sa antas ng pangkat.

Ang survey ay magiging available online simula sa ika-6 ng Hunyo, 2023 hanggang ika-26 ng Hunyo 2023 at ito ay naayon lang sa inyong kagustuhan o boluntaryo. Ang survey ay pwedeng makumpleto sa loob lamang ng 15 minuto.

Kung kailangan mo ng PDF file o naka-print na kopya ng survey, mangyaring makipag-ugnayan kay Dr. Elisabeth Wells, Executive Director ng Our Kids Network, sa elisabeth@ourkidsnetwork.ca o tumawag sa telepono 905-805-3541.

Ang survey ay nakahanda sa Ingles. Kung and una niong lenguahe ay hindi Ingles at kailangan mo ng tulong upang makumpleto ang survey, huwag mag-atubiling kontakin ang Halton Multicultural Council sa 905-842-2486 ext.221. Kung meron kayong tanong or agam agam maari kayong makipag-ugnayan kay Dr. Elisabeth Wells.

Kung iyong nais na maka-usap ang sinoman sa opisina ng Halton Catholic District School Board, kontakin lamang si Dr. Lisa Collimore, Chief Officer, Research and Development Services sa collimoreL@hcdsb.org. Kung iyong nais na maka-usap ang sinoman sa opisina ng Halton District School Board , kontakin lamang si Dr. Rossana Bisceglia, Manager of Research and Accountability sa biscegliaro@hdsb.ca.

Taos-puso,

Elisabeth Wells, Ph.D,
Executive Director, Our Kids Network

P.S. Bilang pagpapahalaga sa iyong pakikilahok, aming nilakip ang isang komplimentaryong aklat na tiyak na masisiyahan ka at ang iyong anak kung kayo ay magkasamang nagbabasa nito.

The personal information collected through the KPS is collected on behalf of the Halton District School Board and the Halton Catholic District School Board under the authority of the Education Act (R.S.O. 1990 c.E.2) ss. 58.5, 265 and 266 as amended, in compliance with the Municipal Freedom of Information and Protection of Privacy Act, R.S.O. 1990, c. M.56.The information will be used to improve services to children, make decisions on the allocation of resources and for general planning purposes. The information will be used in accordance with the Education Act, the regulations, and guidelines issued by the Minister of Education governing the establishment, maintenance, use, retention, transfer and disposal of pupil records.